American Cancer Society
Every cancer. Every life.®

# Mga Klinikal na Pagsubok para sa Paggamot ng Cancer

Ang mga klinikal na pagsubok ay mga pananaliksik na pag-aaral na sumusubok sa mga bagong medisina at paggamot sa mga taong pinipiling sumali. Tumutulong ang mga klinikal na pagsubok sa paghahanap ng mga bago at mas mabuting paraan upang maiwasan, mahanap, at gamutin ang mga sakit. Ang mga klinikal na pagsubok para sa cancer ay tinutulungan ang mga scientist at doktor na matutunan kung ang bagong paggamot ay ligtas at epektibo para sa mga taong may cancer. Ang mga paggamot sa cancer na ginagamit sa kasalukuyan ay unang sinubukan sa mga klinikal na pagsubok.

## Paano isinasagawa ang mga klinikal na pagsubok.

Ang mga klinikal na pagsubok ay isinasagawa nang yugto-yugto, mula Yugto 1 hanggang 4. Ang bawat yugto ang naglilikom ng impormasyon tungkol sa kaligtasan ng paggamot at kung gaano ito kahusay na gumagana.

Karamihan sa mga taong sumasang-ayon na makasali sa klinikal na pagsubok para sa cancer ay sasali sa pagsubok sa Yugto 3. Sa Yugto 3, inihahambing ang bagong paggamot sa pamantayang paggamot (ang paggamot na pinakamadalas na ginagamit para sa partikular na uri ng cancer). Kung gumagana nang mas mabuti ang bagong paggamot, madalas itong nagiging pamantayan.

Ang mga taong nasa mga klinikal na pagsubok ay may pangkat ng mga dalubhasa na mag-aalaga sa kanila. Maingat na sinusubaybayan ng pangkat ang mga tao upang makita ang kalagayan nila. Maaaring kasama rito ang mga klinikal na pagsubok at pagsusuri sa laboratoryo na mas higit pa kaysa sa pamantayang paggamot.

## Mga panganib at pakinabang ng pagsali sa klinikal na pagsubok

May ilang panganib sa pagsali sa klinikal na pagsubok. Hindi laging alam ng mga mananaliksik kung gagana ang bagong paggamot o kung ano ang lahat ng magiging side effect. Karamihan sa mga side effect ay napapawi sa pagdaan ng panahon, ngunit ang iba ay nagtatagal. Maaari ring maging malubha ang ilang side effect. Ipapaalam sa iyo ang tungkol sa anumang mga kilalang panganib bago ka sumang-ayon na makasali sa isang klinikal na pagsubok.

Maaaring mayroon ding mga pakinabang. Ang pagsali sa klinikal na pagsubok ay nagbibigay sa iyo ng higit pang mga opsyon sa paggamot. Maaari kang makatanggap ng bagong paggamot na hindi mo makukuha sa ibang paraan. Ang paggamot na ito ay maaaring mas ligtas o gumagana nang mas mabuti kaysa sa pamantayang paggamot. Gusto ring malaman ng iba na ang natututunan sa klinikal na pagsubok ay maaaring makatulong sa iba sa hinaharap.

## Pagpapasya kung sasali sa klinikal na pagsubok

Bago magpasya kung sasali sa klinikal na pagsubok, matuto nang higit pa hangga't maaari tungkol sa paggamot nito at kung ano ang kakailanganin mong gawin. Ipapaliwanag ng doktor ng pananaliksik o nars kung ano ang aasahan at kakausapin ka tungkol sa mga panganib at pakinabang ng pagsali sa klinikal na pagsubok. Bibigyan ka rin nila ng mga materyal para marepaso. May karapatan kang makuha ang mga materyal na ito sa mas gusto mong wika.

Maaaring kailanganin mong makipag-usap sa mga pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya at kaibigan bago ka magpasya. Siguraduhing sinasagot ng doktor ng pananaliksik o nars ang anumang mga katanungan na mayroon o ang iyong mahal sa buhay.

Kung sumasang-ayon kang mapabilang sa klinikal na pagsubok, bibigyan ka ng form ng nakasulat na pahintulot na babasahin at lalagdaan. Siguraduhing nauunawaan mo ang impormasyong ibinigay sa iyo. Huwag matakot na magtanong kung may isang bagay na hindi malinaw o kung mayroon kang anumang mga alalahanin.

Nasa sa iyo kung ikaw ay sasali – o mananatili – sa klinikal na pagsubok. Maaari mong piliing umalis ng pagsubok sa anumang oras sa anumang dahilan, at makatanggap pa rin ng pangangalagang matatanggap mo kung hindi mo piniling sumali sa klinikal na pagsubok.

## Mga Tanong na Itatanong

Mayroong maraming bagay na maaaring gusto mong malaman bago ka sumang-ayon na makasali sa isang klinikal na pagsubok. Maaaring kailanganin mog itanong sa doktor ng pananaliksik o nars ang:

- Bakit isinasagawa ang pag-aaral na ito?
- Gaano katagal akong mananatili sa klinikal na pagsubok?
- Gaano kadalas ako kakailanganing matingnan?
- Saan ako kailagang pumunta para sa paggamot at mga pagsusuri?
- Anong mga side effect ang maaaring magkaroon ako sa paggamot na ito? Paano mapapangasiwaan ang mga ito?
- Sino ang tatawagan ko kung nagkaroon ako ng mga problema?
- May kailangan ba akong bayaran?
- Anu-ano ang iba ko pang mga opsyon sa paggamot ng cancer?
- Ano ang mangyayari kung nagpasya akong hindi sumali sa klinikal na pagsubok?
- Paano kung sumang-ayon ako sa pagsali sa klinikal na pagsubok at pagkatapos ay nagbago ang aking isipan?

Maaaring may iba ka pang mga katanungan batay sa uri ng paggamot na inaalok sa iyo sa klinikal na pagsubok. Matuto nang higit pa hangga't maaari tungkol sa anumang klinikal na pagsubok na interesado ka upang makagawa ka ng desisyon na pinakamainam para sa iyo.

## Talasalitaan

**May kabatirang pahintulot:** Kapag ang isang tao at ang kanyang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nagbabahagi ng impormasyon upang makapagpasya ang taong iyon kung gusto niyang tumanggap ng partikular na pangangalaga, paggamot, o mga serbisyo. Kailangan ito bago pumasok sa isang klinikal na pagsubok ang isang tao.

**Yugto 1:** Sinusubukan ang bagong paggamot para sa kaligtasan at upang malaman kung anong dosis ang pinakamahusay na gumagana nang hindi nagdudulot ng malulubhang side effect.

**Yugto 2:** Sinusubukan ang bagong paggamot upang malaman kung gumagana ito laban sa mga partikular na uri ng cancer.

**Yugto 3:** Ang bagong paggamot ay inihahambing sa pamantayang paggamot upang makita kung alin ang maaaring gumana nang mas mabuto para sa mga partikular na cancer. Sa puntong ito, hindi alam ng mga mananaliksik kung aling paggamot ang mas mabuti. Kaya, tinatayang kalahati ng mga taong nasa klinikal na pagsubok ang tumatanggap ng bagong paggamot at ang isang pang kalahagi ay tumatanggap ng pamantayang paggamot. Ito ay madalas na pinipili nang hindi sadya (tinatawag na naka-randomize).

**Yugto 4:** Ang bagong paggamot ay pinag-aralan sa loob ng mahabang panahon upang matutunan ang pangmatagalang kaligtasan at kung gaano ito kabuting gumagana. Nangyayari ang yugtong ito pagkatapos maaprubahan ang bagong paggamot para magamit sa mga partikular na uri ng cancer.

**Pamantayang paggamot:** Ang paggamot ay pinakamadalas na ginagamit para sa partikular na uri ng cancer.

Para sa higit pang impormasyon at mga sagot, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org/tagalog** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.

American Cancer Society®

cancer.org | 1.800.227.2345

©2025, American Cancer Society, Inc.
No. TAG084611 Rev. 4/25

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity